

Ang Epistemolohiya ng Kahayupan: Isang Etikong Pagninilay

Rhochie Avelino E. Matienzo

University of Santo Tomas
rematienzo@ust.edu.ph

Abstrak

Ang kontemporaryong pilosopo na si Peter Singer ay tanyag sa pagtataguyod ng karapatan ng mga hayop gamit ang utilitarianismong pananaw ni Jeremy Bentham. Ipinanukala ni Singer na hindi nararapat gawin sa mga hayop ang mga bagay na hindi natin ginagawa sa ating katawan bilang tao katulad ng pagpapahirap at pananakit sa mga ito. Maging ang mga Kristiyanong iskolar tulad Rod Preece at David Fraser ay kumikilala sa pantay na karapatang ito ng mga hayop sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng salitang “dominion” sa aklat ng Henesis. Maging ang Santo Papa Francisco nuong 2014 ay nagsambit ng kanyang kontrobersyal na pahayag na ang mga hayop man ay maaari rin makarating sa paraiso. Sadyang malawak na ang kamalayan patungkol sa pag-aalaga ng kapakanan ng mga hayop. Dito sa ating bansa nuong taong 1998 naisabatas ang R.A. 8485 o ang “Animal Welfare Act” na kauna-unahang batas sa na komprehensibong nag-uutos sa makataong pagtrato sa mga hayop. Taong 2011, naisabatas naman ang R.A. 10631 upang paigtingin ang umiiral na batas sa animal welfare. Ang mga nabanggit ay naka-angkla sa etika ng pagkilala sa kahalagahan ng buhay. Sa papel na ito, nais kong maglahad ng isang punto de vista gamit ang lente ng *epistemolohiyang Filipino*, partikular ang “lohikong heometriya” ni Leonardo Mercado. Makadaragdag ang akdang ito sa pagpapayaman ng diskursong di’ masyadong nasasalang ng mga iskolar sa *Pilosopiyang Filipino* at mga usapin patungkol sa *Etika ng Kapaligiran* at sa mga nagnanais mag-aaral nito.

Mga susing salita: *Animal Ethics, Filipino Epistemology, Filipino Philosophy, kahayupan*

Panimula

Kilala ang kontemporaryong pilosopo at Australianong si Peter Singer (1946-___) sa pagtataguyod ng karapatan ng mga hayop gamit ang utilitarianismo ni Jeremy Bentham (1748-1832). Si Bentham ay isa sa pinaka-unang pilosopo na naghayag ng pangangalaga at pagtatanggol sa mga hayop nuon pa man ika-19 na siglo. Ito ay naka-balangkas sa prinsipyong “ang pinakamaraming kabutihang hatid para sa pinakamalaking bilang” (“the greatest amount of good for the greatest number”). Sa kalagayan ng mga hayop, maaaring isakripisyo ang ilan para sa ikabubuti ng marami. Ngunit dapat ito ay sa wasto at tamang kaparaanan. Winika niya, “If the being killed were all, there is very good reason why we should be suffered to kill such as molest us: we should be the worse for their living, and they are never the worse for being dead”. (Bentham, 1970: 283) Dito mababanaag ang mariin niyang pagtutol sa pagkitil at pagmamalupit sa mga hayop. Samantala, hindi rin naman niya hinahadlangan ang pagkitil kung ito ay ayon sa mga sumusunod: pagkukunan ng pagkain, gamit, damit o pagpapabuti ng kanilang uri. (Kniess, 2018: 5) Maging sa larangan ng pananaliksik ay maaaring gamitin ang mga hayop kung ito’y sa ikasusulong ng medisina o makabuluhang kaalaman sa siyensya. Ang ganitong pag-iisip ay nagpatuloy sa makabagong panahon ngunit higit na

radikal sa pagtuligsa ni Peter Singer sa ideya ng “speciesism”. (Singer, 1975/1990, 6, 9; Ryder, 2017: 38-61) Ito ay ang di-makatarungang pagtingala ng tao sa kanyang sarili (*Homo sapiens*) bilang pinakamataas na uri. Dito ang lahat maliban sa tao ay pangalawa lamang o higit na mas mababa pa sa kanya. Inihambing niya ang speciesism sa “racism” at “sexism” na may pundamental na paglabag sa karapatang-pantao. Paliwanag niya, “the racist violates the principle of equality by giving greater weight to the interests of members of his own race... Similarly, the speciesist allows the interests of his own species to override the greater interests of members of other species”. (Singer, 1974: 108) Ang mga Kristiyanong iskolar tulad nina Rod Preece at David Fraser ay kumikilala rin sa pantay na karapatang ito ng mga hayop nang kanilang suriin ang salitang “dominion” sa aklat ng *Henesis*. Paliwanag nila, “a misreading of *Genesis* ...ignore traditional understanding of Biblical passages regarding animals, and that they fail to recognize the complexity of the development of animal ethics in the Christian tradition. ...Rather, it is a complex and inchoate tradition in which the status and appropriate treatment of animals have been repeatedly discussed and debated.” (Preece and Fraser, 2000: 246) Iginigiit nila na nagkaroon ng maling pag-unawa sa mga linya ng aklat sa mahabang panahon at mauunawaan lamang ang mga ito kung

isasa-alang-alang ang mga kontesкто ng mga tradisyong kinapapalooban ng bawat diskurso.

Sa kabilang dako, nalathala kamakailan sa mga balita at sa social media na kung saan nalagay sa kontrobersiya ang Santo Papa Francisco nang kanyang sambitin ang pahayag na ang mga hayop man ay maaari rin makarating sa paraiso. (Dier, 2014) Ito ay nang minsan siyang tanungin ng isang bata na namatayan ng kanyang alagang aso. Dito sa ating bansa, noong taong 1998, sa ilalim ng dating Pangulong Fidel V. Ramos naisabatas ang Republic Act No. 8485 o ang “Animal Welfare Act” na nag-uutos sa makataong pagtrato sa mga hayop. Taong 2011, pinirmahan ng dating Pangulong Benigno C. Aquino, III ang Republic Act No. 10631 upang lalong mapaigting ang umiiral na naunang batas sa pangangalaga ng mga hayop. Ang mga etikong teyorya at mga batas na nabanggit, bagaman at magkakaiba sa metodo at pagtanggap sa iba’t ibang panahon ay mayroong nag-iisang tema: hindi dapat gawin sa mga hayop ang mga bagay na hindi natin ginagawa sa ating katawan katulad ng dimakatwirang pagpatay, pagpapahirap, at pananakit sa kanila.

Sadyang malawak na nga ang kamalayan patungkol sa pag-aalaga ng kapakanan ng mga hayop ngunit ito ay tila sanggol pa lamang na maituturing sa usaping pampilosopiya lalu na sa ating bansa. Kung kaya’t ang saliksik na ito ay mahalaga sa lokal na diskurso sa larangan ng etika at epistemolohiya. Maaari rin itong maging karagdagang-teksto sa mga nagtuturo at mag-aaral nito. Ang akda ay nababago sa mga usaping kaugnay nito sapagkat ang pagkilala sa karapatan ng mga hayop ay mas madalas na naka-angkla sa etika ng kahalagahan ng buhay (Bentham, Ryder, Singer, Preece, Fraser at iba pa). Subalit sa papel na ito, nais kong tahakin ang panibagong punto de vista gamit ang lente ng *epistemolohiyang Filipino*.

Bilang isang bansa sa Silangan, mayroon din tayong kaparaanan kung papaano tuklasin at paunlarin ang ating kapaligiran; umalam at luminang ng ibat’ ibang larangan gamit ang ating pag-iisip. Sa pamamagitan ng “lohikong heometriya” ni Leonardo Mercado (1935-____), isang misyunero at iskolar sa pamimilosopiyang Filipino (Mercado, 1994: 89-90), aking pagninilayan ang etika ng kahayupan sa pamamagitan ng epistemolohiyang nababatay sa karanasang Pinoy. Sa pamamagitan nito, umaasa ang akdang ito na maka-ambag sa pagpapayaman ng diskursong hindi masyadong nasasaling sa *Pilosopiyang Filipino* at *Etika ng Kapaligiran*. Katuwang ng lohikong heometriya, gagamitin din sa pag-aaral na ito

ang mga saliksik nina Marc Bekoff at Jessica Pierce sa aklat na *Wild Justice: The Moral Lives of the Animals* (2009). Dito tinatalakay ang posibilidad ng moralidad sa mga hayop gamit ang tatlong teyorya at mga siyentipikong patunay ng mga ito: Una, ang “cooperation cluster (altruism, reciprocity, honesty, and trust)”, ikalawa ay ang “empathy cluster (sympathy, compassion, grief, and consolation)”, at ikatlo ay ang “justice cluster (sharing, equity, fair play, and forgiveness)”. (Bekoff and Pierce, 2009: 55-135)

Ang akdang ito ay nahahati sa ilang bahagi: una, aking pagninilayan ang karanasang empatiya bilang epistemolohiya ng mga hayop. Ikalawa, ang pagsusuri ng epistemolohiyang empatiya bilang isang etikong batayan; at panghuli aking susubuking pag-ugnayin ang una at ikalawang bahagi upang sagutin ang katanungan: “Bakit higit na akma at malapit sa mga Pilipino ang ganitong uri epistemolohiya na tulad ng sa mga hayop?”. Sa kabuuan, aking papatunayan na ang empatiya ay katalinuhang moral hindi lang ng mga Pilipino at maaari din sa pangkalahatan.

Empatiya at ang Pakiramdam bilang Uri ng Epistemolohiya

Ang epistemolohiya ay isang pilosopikong pag-aaral sa natura ng pag-iisip. Ang “kaisipan” ay itinuturo mula pa nuong una, ay tangi lamang sa atin. Ito ang nagbubuklod sa mga tao at mga hayop. Ito ang puno at dulo ng malayang pagpapasya at pagbabago sa kasaysayan. Ngunit, sa bahaging ito, inaanyayahan ang mambabasa na manatiling bukas ang isipan sa posibilidad ng epistemolohiya ng mga hayop. Kung kaya’t, maaari nating tanungin: “Tanging pag-iisip nga lang ba ang pinakamahalaga at pinakamataas na antas sa buong kalikasan?”. Maaari din naman: “Bukod sa isipan, mayroon pa bang ibang uri ng katalinuhan na hindi gumagamit ng pag-iisip?” Upang pagnilayan ang mga katanungang ito, aking sususugan ang pangalawang teyorya nina Bekoff at Pierce sa kanilang aklat na *Wild Justice*. Ito ay ang *empatiya*. Bakit? Una, maikli lamang ang panahong nakalaan upang talakayin ang iba pang konsepto katulad ng katarungan at kooperasyon; ikalawa, ito ang pinakamalapit, sa aking palagay, sa karanasang Pinoy sa pagtanto sa kanyang paligid; at panghuli, sa pamamagitan nito, nais kong isulong na ang *etiko ng kahayupan ay kairalan ng epistemolohikong Filipino*.

Ang “empathy”, ay salitang nagmula sa wikang Griyego na “pathos”. Ito ay may katumbas na kahulugan sa wikang ingles na “feeling”. Ang unlaping “em” naman ay tumutukoy sa “loob”. Samakatwid,

masasabing ang empatiya ay ang “pakiramdam na nagmumula sa loob”, o kaya naman ay “panloob na damdamin”. Ito ay kaiba sa salitang “sympathy” na mayroong unlaping “sym” na ngangahulugang “with” o “kasama”. (Vocabulary.com Dictionary, n.d.). Ang tuwirang salin, samakatwid, ay “kasama sa damdamin”. Ang simpatiya ay tumutukoy sa isang pagkilos ng pakikisama o pagdamay. Kung kaya’t naririnig ang salitang “pakikiramay” sa isang namatayan bilang tanda ng pakikidalamhati.

Balikan natin ang salitang empatiya. Sa wikang Aleman, ang katumbas ng salita empatiya ay “Einfühlung”. (Burton / Titchener, 2020) Ito ay tumutukoy sa kakayahang ng *isang damdamin na umunawa at maunawaan ang karanasan ng iba*. Ito, sa aking palagay, ang akma sa konteksto ng saliksik na ito sapagkat maraming pagkakataon na tayo ay higit na nauunawaan at umuunawa sa pamamagitan ng pakiramdam.

Gayun din naman sa mga hayop. Hindi maikakaila na marami nang pag-aaral ang isinagawa sa mga kamangha-manghang katangian ng mga hayop. Nariyan si “Kabang” na nuong 2012, ay sumagip sa buhay ng dalawang bata mula sa parating na motorsiklo. (Leaverton, 2012) Buwan ng Hulyo 2019, isang aso ang namatay matapos makipagbuno sa ahas sa loob ng isang tahanan sa Lungsod ng Kidapawan. (*TNN Philippines*, 2019) Hindi na rin mabilang ang mga siyentipikong pag-aaral sa mga daga. Isa dito ay ang hindi paggalaw sa pagkain, kung ito ay magdudulot ng pagkakuryente ng iba pa sa ‘di kalayuan. (Bartal and Mason, 2018: 151-160) Sa internet at telebisyon makikita ang sari-saring pagka-maparaan ng mga hayop at kung papaano nila inaalagaan ang isa’t-isa; kabilang man sila o hindi sa kanilang uri o grupo. Maging ang mga elepante sa liblib na lugar ng Africa ay nai-dokumento rin kung papaano ini-ahon sa putikan ang isang buwaya na tinutugis ng isang grupo ng mga hipopotamus. (WOA Animals Video, 2017). Lubhang napakarami kung iisa-isahin, ngunit ano nga ba ang nagbubunsod sa mga ito na tinaguriang “non-rational” na nilalang, ang pagkakaroon nila ng ganitong katalinuhan?

Ayon kina Bekoff at Pierce posible ang katalinuhang moral sa mga hayop sa pamamagitan ng *empatiya*. Ito ay ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga hayop ng “sympathy, compassion, grief, and consolation” katulad ng ipinamalas ng mga halimbawang nabanggit. (Bekoff and Pierce, 2009: xiv) Hindi natin inaalis ang mga napakarami na at kumplikadong nagawa ng isipan ng tao. Ngunit, hindi

rin maita-tatwa ang katalinuhan ng mga hayop na nag-uugat sa pakiramdam partikular ang empatiya. Maaaring ang kaisipan ng tao ay *hindi ibang uri bagkus ay kaiba lamang ng antas* sa punto de vista ng kalikasan.

Nuong kapanahunan niya ang eksistentialistang si Soren Kierkegaard (1813-1855) ay minsan nang tumuligsa sa obhetong ritwal dulot ng institusyunal na uri ng pananampalataya. (Kierkegaard, 1991) Ayon sa kanya ang paggawa ng mabuti na nagmumula dito ay huwad, sa halip, ito ay tunay na etikal kung ang pagkilos ay umu-usbong mula sa kabutihang-*loob*. Ito ay nararanasan sa subhetong paraan at hindi idinidikta ng sinuman o anumang katuruan ng lipunan, tradisyon o relihiyon. Ito ay tila sinang-ayunan ni Gilles Deleuze (1925-1995) ng kayang ipinaliwanag ang pagkakaiba ng mga salitang “etika” at “moralidad”. Ayon sa kanya, ang una ay nagmumula sa loob (immanent), samantang ang huli ay sa sistemang nanggagaling sa labas ng sarili (transcendental). Wika niya:

Ethics, which is to say, a typology of immanent modes of existence, replaces Morality, which always refers existence to transcendent values. Morality is the judgment of God, the *system of Judgment*. But Ethics overthrows the system of judgment. The opposition of values (Good-Evil) is supplanted by the qualitative difference of modes of existence (good-bad) (Deleuze 1988: 23; Bolaños, 2007: 124)

Para kay Deleuze, mula pa nuong una, ang konsepto ng kabutihan at kasamaan ay hinubog ng mga institusyong responsable sa mga sistema sa kasaysayan. Dahil dito ang etika at moralidad, sa mahabang panahon, ay itinuring na iisa. Ang suliranin sa pananaw na ito ay nakaratay sa pagsasa-balewala ng “ethology”, o ang kakayahan ng bawat indibidwal (tinatawag niyang “singularities”) sa kalikasan na mabuhay. (Deleuze, 1988:125) Kung ang lahat ay magkakapantay, maging ang mga hayop man ay kakayahang maging mabuti sa paraang hiyang sa kanilang kalikasan. Ito ang empatiya o ang “katalinuhang moral” (nina Bekoff at Pierce) sa konteksto ng tunay na “etika” (ayon ka Deleuze).

Kung susundan ang kaisipan nina Bekoff, Pierce, Deleuze at Kierkegaard, maituturing na ang kabutihang ipinamamalas ng mga hayop ay nagmumula sa kanilang karanasang pandama. Ito ang empatiya na nanggagaling sa karanasang panloob at maituturing na mahalagang uri ng katalinuhang moral. Gayun din

naman, ito ay maituturing na epistemelohikang batayan. Sa mga panayam na nabanggit, isang katanungan ang maaaring umusbong sa puntong ito: “Sino nga ba ang tao upang magpataw kung anu ang nararapat na tawaging tama o mali sa kabuuan ng kalikasan?”

Epistemolohiyang Filipino at Empatiya Bilang Katalinuhang Moral

Sa bahaging ito aking ipapakita na ang katalinuhang empatiya ng mga hayop ay kahalintulad ng epistemolohiyang hiyang sa ating mga Pilipino. Ang empatiya bagama’t sikolohikal na termino ay siyang tinutukoy ni Leonardo Mercado bilang epistemeng Filipino nang kayang tukuyin ang paraan kung papaano tayo madalas mag-isip. Sa kanyang sulating *The Filipino Mind*, winika niya:

...the Filipino is a concrete thinker. His thinking is not cerebral but holistic, which flows from both the heart and the head. Between the heart and the head, what moves him more is feeling (*damdamin*). To feel implies to feel with others (*pakiramdam*). This is because the Filipino does not compartmentalize his faculties. (Mercado, 1994: 89-90).

Ito ay higit na mauunawaan sa pamamagitan ng ilang halimbawa. Popular sa marami ang mga tele-serye ng mga Koreano, Mehikano, at maging ang drama-serye ni Raffy Tulfo. Mas nauunawaan ito ng nakararami sapagkat ito ay kadalasang kumakatok sa damdamin ng manunuod. “Nakaka-relate” ika nga. Patok din sa atin ang mga patalastas na may temang kaugaliang Pinoy. Sa pagpukaw ng damdamin, napapanatili ang imahen ng produkto sa kamalayan ng mamimili. Halimbawa na dito ang “hamburger”. Ito ay ‘di-taal sa bansa ngunit kung ito ay sinasamahan ng naratibong may kaugnayan sa kaugaliang atin, ito’y nagiging “panlasang Pinoy”. Isa pa ay kung bakit higit na ninanais ng marami na magsawalang-kibo kung may puna sa ating malapit na kaibigan o katrabaho? Ito ay marahil sa natatakot tayo na masaktan ang pakiramdam nila. Sa maraming pagkakataon sa isang relasyon, walang usapang nagaganap, ngunit ang damdamin ay ganap -- masaya man o masaklap. Kung tayo naman ay hinihingan ng opinyon, madalas nagsisimula ang ating kasagutan sa “Feeling ko, ganito yun ...”, o kaya nama ay “Pakiwari ko’y...”. Ang tinuturing na sa ating “palagay”, ay ang ating pakiramdam sa mga bagay-bagay o kaisipang tinataya. Hindi sa walang paghabati sa pagitan ng isipan

at damdamin, bagkus para ating mga Pinoy, *ang damdamin at isipan ay iisa*. Higit na ninanais ng ilan sa atin, ang apela sa emosyon kaysa sa matalinong paliwanag. Ang mga pahiwatig tulad nito ay higit naiintindhian, *hindi* dahil sa ito ay rasyunal, ngunit dahil ang mga ito ay nagmumula sa damdamin. Isang negatibong dulot nito ay ang mga pahayag na binibitiwan mula sa simbuyo ng damdamin. Ang mga ito ay mahirap ng bawiin pagkatapos sambitin.

Malaking impluwesiya ayon sa historiador na si Benedict Anderson ang kultura ng *animismo* ng mga Pilipino bilang anyo ng ispiritualidad bago pa man ang panahon ng pananakop. (Anderson, 1972: 7) Dito ang kapaligiran ay sagrado at mahalaga. Kung kaya’t, malawak at kolektibo ang ating paraan ng ugnayan at pagtanaw sa kapaligiran. Ang pagpapahalagang ito ay likas hindi lamang sa mga bansang Silanganin ngunit maging sa maraming bansa. Patunay dito ang mga nakolektang “fossil”, disenyong ukit sa mga sinaunang istraktura, at mga petrolipikong matatagpuan sa ilang sa mga bansang Georgia, Indonesia, Morocco, Ehipto, Iran at iba pa. Lahat ng mga ito ay nagtataglay ng imahen na may elemento ng kapaligiran at hindi nawawala ang mga hayop. Ito ang dahilan kung bakit ang mga kalalakihan (gaano man kataas ang pinag-aaralan) sa kabila ng teknolohiya at modernisasyon ay nagpapaalam muna sa kalikasan sakaling siya ay maiihi sa kagubatan. Ito ay sapagkat, sa pananaw ng isang Pinoy, ang lahat ng bagay magkakaugnay.

Ipinaliwanag ni Mercado ang karanasang ito sa kanyang pilosopiya ng “sakop”. Ang isang Pinoy ay higit na umuunawa, nauunawaan at nagpapaunawa sa kolektibong paaraan. Paliwanag niya, “He (the Filipino) thinks of himself as belonging to, and identifies himself with a group (*sakop*), and considers the success and welfare of the group as his own fulfillment”. (Mercado, 1974: 100.) Karaniwan sa isang Pilipino ang magpaliwanag ng kanyang pakikitungo sa kapwa, kapaligiran o paniniwala, nang walang pag-uuring dualismo tulad ng sa Kanluraning pag-iisip. (Mercado, 1994: 7-8, 14, 89-90, 191) Halimbawa na lamang ay ang kalimitan nating naririnig kung tayo ay maninisi ng iba: “Heto tayo eh...”. Kapag inuusisa ng isang maybahay ang panauhing kumakatok kahit na ito nag-iisa, ang kadalasang tanong ay: “Sino po sila?” Panghuli, “Ang tagumpay ni Pacquiao ay tagumpay ng lahing Filipino!” wika ng isang tagahanga.

Sa lohikang heometriya, inaari natin ang kapaligiran bilang bahagi ng ating pagkatao. Ito ay ang “non-linear” na pagtanto kung saan kinikilatis ng isipan ang kapaligiran hindi bilang hiwalay na entitiya ngunit

bilang simbolikong bahagi ng ating mga sarili. (Mercado, 1994: 41-42) Patunay dito ang pagiging bahagi ng pamilyang Pilipino ang kanilang mga alagang hayop. Ito ay karaniwang sinisimbulo ng mga “family picture” na ipino-post sa internet. Bata man o matanda, matutunghayan sa mga “selfie” sa social media na itinatampok si Bantay o si Muning. Karaniwan na rin ang mga viral post ng mga hayop, alaga man o hindi, na nakikipag-ugnayan sa mga tao at ang mga tao sa kanila na tila ba nagkakaunawaan. Ang mga ito ay simbolikong makabuluhan sapagkat ito ay mga pahayag na nagmumula sa ating kalooban. Ito ay sa kadahilanang ang damdamin at isipan para sa Pilipino ay iisa. Marami na ring tula, katha at awitin ang nabuo na sumesentro sa mga hayop bilang bahagi ng araw-araw na buhay. Isa dito ang makabagbag-damdaming kwentong-awitin ng “manok na pula” (Ana, 2019) na kung saan nilapatan ang isang banyagang awit ng naganap sa isang lalaki at sa kanyang alagang manok na panabong. Ito ay hindi na bago dahil noon pa man, ang mga sinaunang Pilipino ay nagsasagawa na rin ng ritwal bago katayin ang pagsasaluhang baboy o manok. Dito, ang mga hayop ay itinuturing, kahit na kikitilin, nang may paggalang pa rin. Ang pakikitungo ng mga tao sa hayop ay madalas hindi intelektuwal ngunit sa pamamagitan ng damdamin.

Ang damdaming ito ay ang empatiya na tinutukoy nina Bekoff at Pierce na kung saan ang mga hayop ay may angking kakayahang na makipag-ugnayan sa kapwa nila hayop, kauri man o hindi. Dito, ang *kabuluhan ay nadarama at hindi kinukuwenta*. Minsan na itong sinabi ni Daniel Goleman sa kanyang tanyag na aklat na *Emotional Intelligence* nuong dekada '90. (Goleman 1996 / 2012) Iginiit niya na hindi lamang ang katalinuhang pag-iisip ang dapat isaalang-alang, sa halip, at higit na mahalaga, ay ang ating pakikitungo sa iba -- bagay o hayop man. Gayun din naman ang epistemolohiyang Filipino: mas madalas na ang batayang-ugnayan ay nakasalalay sa kalinangang-pandama at hindi sa lohikal na paraan kung tayo ay umaalam o nangangatwiran.

Konklusyon

Ang Epistemolohiyang Filipino at Etiko ng Kahayupan

Ang mga katagang “etiko ng kahayupan” ay aking sinadya upang gisingin ang tila ba pagbubulag-bulagang nating pananaw sa mga hayop. Patunay nito ang konotasyon ng salitang “kahayupan”. Sa pangkaraniwang gamit, ito ay may pakahulugang

“kadustaan”, “kabastusan” o “kawalanghiyaan”. Naging batayan na ito kung ang tao ay gumagawa ng masama, siya ay maibibilang na isang “hayop”. Subalit kung ang isang tao ay gumagawa ng altruistikong pagkilos dulot ng kanyang nadarama sa paghihirap ng iba, hindi naman natin sinasabing “hayop siya”. Masakit at malungkot isipin, manhid na ang marami sa lubhang mababaw na pagtanaw na ito sa sangkahayupan. Ang magandang isipin sa puntong ito ay isa sa umiiral na katangiang Pinoy ang empatiya ng kahayupan bilang epistemolohiyang hiyang sa atin. Ito ay malapit sa katalinuhang moral ng mga hayop sapagkat ito ang kaparaanan ng mga Pilipino upang tukuyin ang kanyang kapaligiran. Kung kaya’t madalas, hindi pa man sinasabi, alam na natin ang pangangailangan ng kapwa. Kung masama ang loob ng isang kapareha, hindi niya ito kailangang sasabin pa, sapagkat para sa kabiyak, ito ay kanyang damang-dama.

Hindi sinasabi ng akdang ito na ang “epistemolohikal na empatiya” ng mga hayop ay ang mismong “pakiramdamang pakikitungo” ng mga Pilipino, bagkus sila ay mayroong malapit na pagkakahalintulad. Ito ang dahilan kung bakit malapit ang relasyon ng mga Pilipino sa mga hayop, maging ito man ay kanyang alaga o sa ilang. Sila ay parehong likas na umaalam sa pamamagitan ng empatiyang pandama. Dahil dito, ang pakiramdam bilang epistemolohiya ng kahayupan ay maaaring maging etikong-batayan na umiiral sa mga Pilipino noon pa man at sa kasalukuyan. Kung kaya’t mahal ng isang Pinoy ang kayang alaga at ang maraming kapakanan napapaloob sa ugnayang ito. Halimbawa na nga ang mga bats tulad ng R.A. 8485, R.A. 10631 o Animal Welfare Act at ang mga sibikong samahan nangangalaga sa mga hayop.

Ang empatiya, o ang pakiramdam na pang-unawa ay karaniwang paraan ng pagtatanto sa ating mga Pilipino. Ito rin ang kaparaanan ng mga hayop upang alamin kung papaano sila kikilos sa kanilang kinalalagyan. Kung ito man ay “fight or flight”, ito’y natatanto sa kanilang pandama. Alam ng isang *As-pin* (“asong pinoy” / “as-kal” o asong kalye) kung ang estranghero ay “animal lover” o isang mapagmalupit sa hayop. Ang mga mababangis na hayop ay mailap at minsa’y bayolente sapagkat sa pakiramdam nila, sila ay nasa peligro at maaaring masaktan. Para sa mga biologist, ito ay “instinct”. Sa sikolohikal na pag-analisa, ito’y empatiya. Para sa episteme ng kahayupan, ito ay “pandama”. Lahat ng ito ay iisa sa pag-analisa ng lohikong heometriko nating mga Pilipino. Samakatwid, ang instinct, pandama, at empatiya, hindi man iisa, ay magkakaugnay sa kaisipang Pilipino.

Ang pagninilay na ito ay lubos na mauunawaan kung atin lamang bahagyang ipipihit ating pagtingin. Mula sa pababang pag-unawa (vertical) patungo sa pantay na pagkilala (horizontal) sa lahat ng nabubuhay. Marami ang natatakot sa pananaw na ito dahil sa mga doktrinal na implikasyon tulad ng pagtalikod sa katuruan na nagtataguyod sa tao bilang pinakamataas na anyo ng nilalang. Maging ang ating tradisyunal na pamimilosopiya ay patuloy sa pagtuturo na ang katalinuhang moral ng sangkahayupan ay taliwas sa kairalan ng “rationality” na tangi lamang sa tao. Sa aking palagay, hindi masama ang magbukas ng kaisipan sapagkat *ang rasyunalidad ay isa lamang sa mga kagalingan kahanay ng iba pang kalinangan ng kalikasan.*

Panghuli, at sa palagay ko ay pinakamahalagang katanungan: Hanggang kailan ba tayo titingin sa sangkahayupan sa ganitong mababaw na paraan? Napupuspos ang marami sa atin ng kayabangan ngunit nangangambang matuklasan ang katotohang tayo’y kabilang din sa sangkahayupan ating minamaliit. Kailan nga ba natin matatanto na ang “katwiran” na ating itina-tangi ay ang katalinuhang nagbigay-daan sa teknolohiyang lumurray sa kalikasan sa maikling panahon lamang? Pinakamasakit, patuloy tayo sa pagsamba sa katalinuhang kulay-ekonomiko na may kakayahang tumunaw sa pinakamakapal na niyebe at tumupok sa kagubatan na hingahan ng sangkalikasan.

Samakatwid, iminumungkahi sa pag-aaral na ito isang uri ng pamumuhay na may paggalang at pagpapahalaga sa kahayupan. Kung ito ay magaganap, maaaring maiiwasan ang paglaganap ng mga nakakahawang sakit at masasagip ang maraming buhay sa hinaharap. Kung hindi tayo pipihit ng pagtingin, marahil ang kinabukasan ay patuloy sa pagdilim, hindi lamang ng sangkahayupan kung hindi maging ang sangkatauhan.

Sanggunian

Ana the Explorer, “Manok na Pula Parody Tagalog song - Just another woman in love”. *Youtube*. (June 11, 2019) Available: <https://www.youtube.com/watch?v=VSXogptMx0c> Retrieved: May 10, 2020.

Anderson, Benedict. *The Idea of Power in Javanese Culture*, Cornell University, 1972.

Bartal, Inbal Ben-Ami and Mason, Peggy. “Helping Behavior in Rats” *Neuronal Correlates of Empathy: From Rodent to Human*, eds., Ksenia Z. Meyza, Ewelina Knapska, Academic Press, 2018.

Bekoff, Marc and Pierce, Jessica. *Wild Justice: The Moral Lives of the Animals*, Chicago: The University of Chicago Press, Chicago, 2009.

Bentham, Jeremy. *An Introduction to the Principles of Morals and Legislation*, ed., J. H. Burns and H. L. A. Hart London: Athlone Press, 1970.

Bolaños, Paulo A. “Nietzsche, Spinoza, and the Ethological Conception of Ethics” *Minerva - An Internet Journal of Philosophy* 11 (2007),113-127.

Burton, Neel. “Empathy vs. Sympathy: Sympathy and empathy often lead to each other, but not always”, *Psychology Today*, (April 27, 2020), Available:<https://www.psychologytoday.com/intl/blog/hidden-and-see/201505/empathy-vs-sympathy>, Retrieved: May 15, 2020.

Deleuze, Gilles. *Spinoza: Practical Philosophy*, trans. Robert Hurley. San Francisco: City Light Books, 1985.

Dier, Arden. “Pope Francis says dogs can go to heaven” *USA TODAY NETWORK* (December 12, 2014) Available:<https://www.usatoday.com/story/news/nation-now/2014/12/12/pope-francis-dogs-can-go-to-heaven/20296955/>, Retrieved: October 18, 2019.

Goleman, Daniel. *Emotional Intelligence: Why It Can Matter More than IQ*, Bloomsbury, 1996 / 2012.

Kierkegaard, Soren. *Kierkegaard's Attack Upon "Christendom" 1854-1855* trans., ed., Walter Lowrie, New Jersey: Princeton University Press, 1944 /1991.

Kniess, Johannes “Bentham on Animal Welfare”, *British Journal for the History of Philosophy*, (2018), 1-17.

Leaverton, Michael. “The Story of Kabang, the Hero Dog Who Lost Her Snout”, *Dogster*, (August 10, 2012), Available: <https://www.dogster.com/the-scoop/kabang-hero-dog-philippines>, Retrieved: October 17, 2019.

Mercado, Leonardo. *The Filipino Mind*. Washington, D.C.: Council for Research in Values and Philosophy, 1994.

_____. *The Elements of the Filipino Philosophy*, Tacloban City: Divine Word University Publications, 1974.

Preece, Rod and Fraser, David. “The Status of Animals in Biblical and Christian Thought: A Study in Colliding Values”, *Society & Animals*, vol. 8, no. 3, (2000), 245-263.

- Ryder, Richard. *Speciesism, Painism and Happiness: A Morality for the Twenty-First Century*. Andrews UK Limited, 2017.
- Senate and House of Representatives of the Philippine Congress, "Republic Act No. 8485 / The Animal Welfare of Act of 1998", February 11, 1998.
- _____. "Republic Act No. 8435 / Amendment to R.A NO. 8485, Otherwise Known as 'The Animal Welfare Act'", July 23, 2012.
- Singer, Peter. *Animal Liberation*, New York Review/Random House, 1975 / 1990.
- _____. "All Animals are Equal", *Philosophic Exchange*, vol. 5, no., 1 (1974), 103-116.
- TNN, "Aso nasawi matapos ang pukpukang pakikipaglaban sa cobra para protektahan ang pamilya ng kanyang amo sa Kidapawan City", *TNN Philippines*, (July 20, 2019), Available: <http://tnnphilippines.com/2019/07/20/aso-nasawi-matapos-ang-pukpukang-pakikipaglaban-sa-cobra-para-protektahan-ang-pamilya-ng-kanyang-amo-sa-kidapawan-city/> Retrieved: October 17, 2019.
- Vocabulary.com Dictionary. "Empathy", *Vocabulay.com* (n.d.) Available: <https://www.vocabulary.com/dictionary/empathy> Retrieved: November 13, 2019.
- WOA animals. "Amazing Elephant Rescue Crocodile from Hippo / Animals Save Other Animals. *Youtube*. (November 24, 2017) Available: https://www.youtube.com/watch?v=AC_x89pdnIU, Retrieved: October 17, 2019.